# Andoy:
# Ang Batang Malakas ang Loob

Isinulat at iginuhit nina:
**Angelo Doble Villanueva**
**Roselyn Cabalic Basa**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Lumaking maliksi ang batang si Andoy sa kabukiran ng Dojoc.


"Andoy, huwag kang masyadong makulit sa labas ng bahay. Baka may matapakan kang mga nuno sa punso, o may masagi na mga duwende sa parang," paalala ng inang si Apang.

"Malakas po ang loob ko Ina," sagot ni Andoy.

Isang araw, inutusan ni Apang si Andoy na manguha ng panggatong sa kakahuyan.

Kaagad namang sumunod si Andoy. Sa kanyang paglalakad sa kaparangan ay hinahampas-hampas niya ang matataas na damo. Pagdating sa kakahuyan, sinisipasipa niya ang mga punso upang hindi maging sagabal sa kanyang dinadaanan.

Kinaladkad niya ang mga tuyong mga sanga ng puno na panggatong upang maiuwi sa kanilang bahay. Buong katapangan niyang pinagmagaling sa kanyang Ina na nasunod nito ang kanyang mga utos ng mabilis at buong kasiglahan.



Kinagabihan. “Ina, ang sakit ng aking mga hita at binti,” ungol ni Andoy.

Nagulat ang Ina, “Andoy, bakit namamaga ang iyong hita at ang mga binti?” pag-aalala ng Ina.

Kaagad, sinundo ng Ina si Apo Moning, ang albularyo ng Botolan.

“Gawa ito ng duwende!” wika ni Apo Moning.

“Ano po ang dapat kong gawin?” tanong ni Andoy kay Apo Moning.

“Humingi ka ng tawad, mag-alay ng puting manok at magdasal,” sagot ni Apo Moning.

Ginawa ni Andoy ang bilin ni Apo Moning.

Ilang sandali pa, humupa ang namamagang hita at binti ni Andoy, at sa hindi kalayuang lugar ay nakita ni Andoy na kumakaway sa kanya ang duwende na dala ang puting manok.

“Patawad at salamat po sa iyo,” na wika ng mabait at matapang na si Andoy.

